

Paunawa tungkol sa mga Proteksyon ng Pasyente ayon sa No Surprises Act, 45 CFR §§ 149.410 at 149.420

Nagkaroon ng bisa ang No Surprises Act noong Enero 1, 2022. Nagtatakda ang naturang batas ng mga proteksyon para sa mga pasyenteng may insurance na nakasaad sa ibaba sa Ika-1 Seksyon, at para sa mga pasyenteng walang insurance o hindi gumagamit ng insurance na nakasaad sa ibaba sa Ika-2 Seksyon. Hindi nalalapat ang batas sa mga plano ng Medicare, Medicare Advantage, Medicaid (kabilang ang PASSE), TRICARE, o Indian Health.

IKA-1 SEKSYON. Para sa mga pasyenteng may pagsaklaw na pangkalusugan sa pamamagitan ng kanilang employer (kabilang ang pederal na pamahalaan, pamahalaan ng estado, o lokal na pamahalaan), Merkado ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Marketplace), o nang direkta sa pang-indibidwal na planong pangkalusugan:

- Ipinagbabawal ang paniningil ng hindi inaasahang bayarin para sa mga serbisyong pang-emergency. Dapat saklawan ang mga serbisyong pang-emergency, kahit na ipagkaloob ang mga ito ng wala sa network, ayon sa mga presyo ng nasa network nang hindi nanghihingi ng paunang pahintulot.
- Tumutukoy ang “bayarin para sa balanse” sa paniningil sa pasyente ng kulang na halaga batay sa pinapahintulutan ng iyong plano at buong halagang sinisingil para sa serbisyo. Sa No Surprises Act, ipinagbabawal ang “bayarin para sa balanse” at finaasan ang sagutin ng pasyente sa wala sa network (gaya ng coinsurance o copayment na mas mataas para sa mga serbisyong iniaalok ng wala sa network kumpara sa mga serbisyong iniaalok ng nasa network) para sa mga serbisyong pang-emergency at ilang partikular na serbisyong hindi pang-emergency.
- Hindi ipinagbabawalan ng No Surprises Act ang naaangkop na paniningil ng dapat bayaran ng pasyente mula sa sariling bulsa, tulad ng copayment, coinsurance, o deductible. Nakadepende sa iyong planong pangkalusugan ang mga halagang ito.
- Ipinagbabawal ang paniningil ng mga wala sa network na provider sa nasa network na pasilidad para sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng wala sa network at ng “bayarin para sa balanse” kaugnay ng pantulong na pangangalaga (tulad ng anesthesiologist o assistant surgeon).
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga proteksyong may kinalaman sa “bayarin para sa balanse” at hindi inaasahang bayarin, humiling ng kopya ng paunawang “Mga Karapatan at Proteksyon Mo laban sa mga Hindi Inaasahang Bayarin sa Pagpapagamot.”

IKA-2 SEKSYON. Para sa mga pasyenteng walang insurance o hindi gumagamit ng insurance:

- May karapatan kang makatanggap ng Tapat na Pagtatantya para sa kabuuang inaasahang halaga ng anumang item o serbisyong pang-emergency. Kasama rito ang mga halagang may kinalaman sa paggamot sa iyo.
- Tiyaking bibigyan ka ng nakasulat na Tapat na Pagtatantya kahit man lang isang araw ng negosyo bago ang iyong appointment. Puwede ka ring humingi sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, at sinumang provider na pipiliin mo, ng Tapat na Pagtatantya bago ka magtakda ng appointment.

- Tiyaking magtabi ng kopya ng iyong Tapat na Pagtatantya para may masanggunian ka. Kung makatanggap ka ng bill na mas malaki nang kahit man lang \$400 kaysa sa nakasaad sa iyong Tapat na Pagtatantya, puwede mong iapela ang bill.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga proteksyon na may kinalaman sa Tapat na Pagtatantya, humiling ng kopya ng paunawang “Karapatan Mong Makatanggap ng Tapat na Pagtatantya.”

Hindi mo kailanman kinakailangang isuko ang mga proteksyon mo laban sa bayarin para sa balanse. Hindi mo rin kinakailangang tumanggap ng mga serbisyo mula sa provider na wala sa network. Puwede kang pumili ng provider o pasilidad na nasa network ng iyong plano sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong planong pangkalusugan para makakuha ng listahan ng mga nasa network na provider.

Para sa karagdagang impormasyon o para mag-ulat ng pinaghihinalaang paglabag, tumawag sa US Department of Health and Human Services sa 1.800.985.3059.

Para sa mga tanong tungkol sa iyong Tapat na Pagtatantya, makipag-ugnayan sa tagapayo sa pananalapi ng CARTI sa 501.537.8641 o sabihin sa front desk na gusto mong makipag-usap sa isang tagapayo sa pananalapi nang personal.

